Buong Teksto
ASUL NA ARAW

Handog sa inyo ng Areté at Ateneo Basic Education, katuwang ang Adarna House, *Asul na Araw*. Orihinal na kuwento sa Ingles ni Pipa Escalante at salin sa Filipino Dencel Aquino at babasahin para sa atin nina Maria Hazel S. Lumauan at Ivy Baggao.

Lunes ng umaga, pagmulat ko'y nakita ko ang asul na langit. Kaya't sabi ko sa aking ina, isusuot ko ang aking asul na bestida, asul na medyas, at asul na sapatos. Nginitian niya ako't sinabi, "Sa tingin ko'y asul na araw ngayon."

Sa eskuwelahan nang araw na iyon, binuksan ko ang aking asul na baunan at kinain ang tinapay na may asul na palaman. Sumulat ako gamit ang asul na lapis. Sa aking pag-uwi, nakita ko ang asul na bisikleta, limang asul na bubong, at tatlong asul na balot ng kendi. Lunes ang pinaka magandang asul na araw.

Martes ng umaga, pagmulat ko'y nakita koang dilaw na araw. Ihinanda ng aking ina ang aking rosas na salawal pero hiniling ko kung maaaring isuot ang aking dilaw na pullover, nginitian niya ako, "O, dilaw na araw ngayon." Dilaw na keyk ang aking almusal. Dilaw ang biskuwit ang aking meryenda. Naglaro ako sa dilaw na duyan at nagpadausdos sa dilaw na islayd bago kumain ng dilaw na sorbetes.

Martes ang pinakamagandang dilaw na araw. Miyerkoles ng umaga, pagmulat ko'y nakita ko ang aking pulang lampara. Itinanong ng aking ina kung gusto kong isuot ang aking pulang pang-itaas. "Opo, katerno ng aking pulang medyas," Ang sabi ko sa kaniya. Nginitian niya ako, "Sa tingin ko'y pulang araw ngayon," sabi niya. Habang papunta ako sa eskuwelahan, nabilang ko ang dalawang pulang iskeytboard. Gumamit ako ng pulang krayola sa pagsulat ng liham pasasalamat sa aking ina. At nagdrowing pa ako ng pulang puso sa ibaba ng liham. Sumakay ako sa aking pulang bisikleta at sampung beses na nagpabalik-balik at nagpaikot-ikot sa kalye. Miyerkoles ang pinakamagandang pulang araw.

Huwebes ng umaga, pagmulat ko'y nakita ko ang kahel na bola ng aking kapatid. Kaya't sinabi ko sa aking ina na kung maari'y isusuot ko ang aking kahel na sombrero at aking kahel na bistida. Nginitian niya ako, "Hmmmm. . . ngayon ay kahel na araw." Gumuhit ako ng kalabasa gamit ang kahel na krayola. Gumawa ako ng kahel na purselas gamit ang kahel na sinulid ng mga butil. Ibinigay ko ito sa aking ina. Huwebes ang pinakamagandang kahel na araw. Bumati ako ng "Magandang gabi!" sa kahel na buwan.

Biyernes ng umaga, pagmulat ko't nakita ko ang lilang panyo ng aking ina. Sabi niya, puwede ko raw isuot ang aking lilang pantalon at pang-itaas. Tumango ako at nginitian niya ako. "May kutob ako na ngayon ay magiging lilang araw," sabi niya. Gumawa ako ng dahon gamit ang lilang luad. Nagbitbit ako pauwi ng lilang lobo mula sa parti ng aking kaibigan. Kahit hindi ako nakakita ng maraming

lilang bagay, Biyernes ang pinakamagandang lilang araw. Bumati ako ng "Magandang gabi!" sa lilang mga bulaklak kalapit ng aking kama.

Sabado ng umaga, paggising ko'y nakita ko ang aming berdeng bakuran. Suot ang aking berdeng salawal, tumakbo ako't pamunta sa aming kapitbahay at nakipaglaro. Naglaro kami ng mga berdeng bloke sa berdeng damuhan. Sabado ang pinakamagandang berdeng araw.

Linggo ng umaga, paggsing ko'y nakita ko ang aking rosas na kortina. Nagsuot ako ng rosas na damit pansimba. Nag beyk kami ng rosas na keyk ng aking ina. Ako pa nga ang pinalagay ng icing sa ibabaw ng keyk. Linggo ang pinakamagandang rosas na araw. Habang ako'y bumabati ng "Magandang gabi!" sa aking rosas na bahay-manyika, inisip ko, ano naman kaya ang mga kulay sa susunod na linggo?

***

Pinagkuhanan: *Asul na Araw.* Pipa Escalante. Dencel Aquino. Adarna House. 2003

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles
The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head
The Light of the Fly
The Snail and the Dear

Sa Filipino
Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag

Adarna House: Children's Stories
Bakit Matagal ang Sundo ko?
Why is Mommy Late?
Asul na Araw
Blue Day
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?
How would you like your haircut today?
Sampung Magkakaibigan
Ten Friends
Ang Pambihirang Sombrero
The Amazing Hat

Mga Kuwentong Pampasko:
The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Tahanan Books:
Ang Babaeng Nahulog Mula sa Langit at Iba Pang Kuwenton-bayan
Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo

Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes:
Ang Pitong Tanga

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	*Executive Producers*
D Cortezano	*Producer*
John Robert Yam	*Overall Sound Designer*
Harold André Santos	*Theme Music Composer*
D Cortezano	*Episode Sound Designer*
John Robert Yam Nilo Beriarmente	*Sound Engineers*
Ivy Baggao	*Talent Coordinator and Production Associate* *(Voice Actor for the Episode)*
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Rey Sotto Duane Ligot Justine Ray Santos Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	*Sound Design and Technical Team*
Vannessa Reventar	*Logistical Support*
Ross Du	*Illustrator*
Arielle Acosta Lazir Caluya	*Brand Developers*
Dreamlist Digital	*Web developers*

Ateneo de Manila Basic Education

Fr. Joaquin Jose Mari C. Sumpaico III SJ	*Vice President for Basic Education*

Ateneo Grade School

Fr. Emerito Salustiano R. de la Rama, SJ.	*Headmaster*
Jervy M. Robles	*Assistant Headmaster for Academic Affairs*
Pia Christina M. Navarette	*Coordinator for Kinder*
Maria Hazel S. Lumauan	*Associate Teacher* *(Voice Actor for the Episode)*

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	*Principal*
Genalyn S. Sanvictores	*Assistant Principal for Academic Affairs*
Paolo Ven B. Paculan	*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*
Kristine Ann P. Valdellon	*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta	*Principal*
Luis Allan B. Melosantos	*Assistant Principal for Academic Affairs*